

Advisory Blg. 022, s. 2018

Enero 24, 2018

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *Advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP, KUMPERENSYA, AT PAKITANG-TURO 2018
NG DE LA SALLE UNIVERSITY-MANILA

Ang De La Salle University-Manila ay magsasagawa ng Pambansang Seminar-Worksyap, Kumperensya, at Pakitang-Turo 2018 na may temang Pedagogikang Kooperatibo, Integratibo, Interaktibo, at *Outcomes-Based* sa Wika at Panitikang Filipino Mula Elementarya Hanggang Kolehiyo mula Abril 25 hanggang 28, 2018 sa Yuchengco 407-409 sa De La Salle University, Taft Avenue, Lungsod ng Maynila.

Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. Mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pedagohiyang kooperatibo, integratibo, interaktibo, at *outcomes-based* sa wika at panitikan;
2. Mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro hinggil sa paggamit ng iba't ibang midya sa pagtuturo ng bagong kurikulum ng Filipino sa iba't ibang antas;
3. Mapataas ang lebel ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo at pagtuturo nito bilang asignatura sa iba't ibang antas;
4. Makatulong sa *retooling* ng mga guro ng/sa Filipino sa iba't bang antas; at
5. Makapag-ambag sa pagpapalakas ng intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa akademya, sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mahusay, malikhain, at mapanuring pagtuturo at pananaliksik ng/sa Filipino sa iba't ibang antas at larangan.

Ang mga inaasahang dadalo sa seminar-worksyap ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan sa iba't ibang antas.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kina:

- Dr. David Michael M. San Juan
Direktor
Komite sa Pambansang Seminar 2018
Departamento ng Filipino
De La Salle University (DLSU)
Taft Avenue, Lungsod ng Maynila
Mobile: 0927-242-1630
Email: pambansangseminar@gmail.com
- Bb. Marilou Bagona
Departamento ng Filipino
De La Salle University (DLSU)
Taft Avenue, Lungsod ng Maynila
Telepono: (02) 524-4611 lokal 509/552